



PAGBABAWAS NG 20% SA GAMIT NG ENERHIYA SA INYONG TAHANAN – mga payo para kayo’y makapagsimula

Para sa mas mabuting kalusugan at sa mas malinis na kapaligiran.



416.338.7600 toronto.ca/health

 **TORONTO** Public Health

Mga payo sa pagtitipid sa gamit ng enerhiya sa bahay

- Ibaba ang thermostat (para sa pampainit) sa 1°C sa araw at/o 2°C sa gabi; itaas ito (para sa pampalamig) nang 1°C sa araw at/o 2°C sa gabi
- Para panatilihin ang init sa loob ng bahay (sa winter), isara ang mga takip ng bintana gabi-gabi at buksan ito sa umaga sa mainit na mga araw; para naman panatilihin malamig (kung summer), isara ang mga takip ng bintana sa umaga sa mainit na mga araw
- Regular na linisin o palitan ang filter ng inyong furnace (e.g., tuwing ikalawang buwan)
- Gumamit ng malamig, sa halip na mainit, na tubig tuwing maglalaba ng inyong mga damit
- Hatiin kaysa dati ang tagal ng paggamit sa dryer (isampay ang mga damit para matuyo o tiyaking puno ang dryer kung gagamitin ito)
- Isara ang lahat ng lagusan ng hangin at mga pintuan ng mga di ginagamit na silid habang tumatakbo ang inyong furnace o air conditioner
- Linisin ang mga coil sa likuran ng inyong refrigerator sa pamamagitan ng pag-brush o pag-vacuum ng alikabok
- Gamitin lamang ang inyong dishwasher kung ito'y puno; gamitin ang energy-saving o light wash na siklo; piliin ang air dry na paraan
- Patayin ang mga ilaw, computer, TV at DVD kung hindi ito ginagamit; para mabawasan ang paggamit ng kuryenteng “phantom” o “stand-by”, isaksak ang mga gamit na de-kuryente sa isang power bar at ilagay ito sa off
- Laging isara ang fireplace damper o air-tight na pintuan ng fireplace matapos gamitin ang inyong fireplace
- Palitan ng matipid-sa-enerhiyang mga bumbilya ang karaniwang mga bumbilya ng ilaw



Kunin ang inyong libreng kopya ng 20/20 Planner para matuto pang higit tungkol sa mga paraan ng pagtitipid ng 20% mula sa gamit ng enerhiya sa bahay at sa daan.

www.toronto.ca/health/2020 o 416-392-2020



